



## Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo ng Utilidad sa Tahanan ng SB 998

### **BACKGROUND**

Isinadya para bawasan ang bilang ng mga taga-California na nawawalan ng acces sa tubig dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad, ang Senate Bill (SB) 998 ay nag- ng ilang partikular na pangproseso at pang-abisong kinakailangan bago putulin ang mga serbisyo sa tubig sa tahanan. Ang SB 998, na kilala bilang ang Batas sa Proteksyon Laban sa Pagputol ng Tubig (Water Shutoff Protection Act), ay isinabatas ni Gobernador Jerry Brown noong Setyembre 28, 2018 (Seksyon 116900, et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California [California Health and Safety Code]). Nalalapat lang ang SB 998 sa mga customer na may pantahanang serbisyo, kabilang ang serbisyo sa mga tahananang may iisang pamilya, tahananang may maraming pamilya, mobile home, at pabahay para sa mga manggagawa sa bukid.

Available ang patakaranang ito dito sa website ng Casitas Municipal Water District. Maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng pangasiwaan ng Casitas sa pamamagitan ng pag-email sa [customerservice@casitaswater.com](mailto:customerservice@casitaswater.com) o sa telepono sa 805-649-2251 ext. 0 para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakaranang ito. Hindi nalalapat ang patakaranang ito sa hindi pantahanang serbisyo sa tubig.

Pinagtibay ng Lupon ng Mga Direktor ang patakaranang ito noong Enero 8, 2020 at na-update ito noong Marso 22, 2023 at Mayo 10, 2023.

### **Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo ng Utilidad sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad**

- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Ingles
- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Espanyol
- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Chinese
- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Koreano
- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Tagalog
- Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng SB 998 - Vietnamese



## **Patakaran sa Pagsingil sa Tubig: Pagputol ng Pantahahang Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad**

- 1. Layunin:** Itinatag ang patakaranang ito para sumunod sa Senate Bill 998, na kilala bilang “Batas sa Proteksyon Laban sa Pagputol ng Tubig” at inaprubahan ito ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (Seksyon 116900, et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California). Gagawing available ang patakaranang ito sa website ng Casitas Municipal Water District. Maaaring makipag-ugnayan sa Casitas Municipal Water District (CMWD) sa pamamagitan ng telepono sa 805-649-2251 (o sa pamamagitan ng email sa [customerservice@casitaswater.com](mailto:customerservice@casitaswater.com)) para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakaranang ito. Hindi nalalapat ang patakaranang ito sa hindi pantahanang serbisyo sa tubig.
- 2. Petsa ng Pagkabisa:** Pinagtibay ng Lupon ng Mga Direktor ang patakaranang ito noong Enero 8, 2020 at na-update ito noong Marso 22, 2023 at Mayo 10, 2023.
- 3. Mga Inalathalang Wika:** Ang patakaranang ito at ang mga nakasulat na abisong kinakailangan sa patakaranang ito ay gagawing available at ilalathala sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Koreano at anumang iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo ng CMWD.
- 4. Mga Probisyon ng Mga Rate at Regulasyon para sa Serbisyo sa Tubig na umaayon sa mga kinakailangan ng SB 998.**

Matatagpuan ang ganap na pinagtibay na bersyon ng Mga Rate at Regulasyon sa website ng Casitas Municipal Water District sa [www.casitaswater.org](http://www.casitaswater.org).

- A. Seksyon 2.2 Ang mga kahulugan ng mga klasipikasyon ng customer at mga uri ng paggamit ng tubig ng Mga Rate at Regulasyon ng Casitas ay kinabibilangan ng mga sumusunod na kahulugan:

2.2.12 Ang “Pantahanang serbisyo” ay mangangahulugan ng serbisyo sa tubig sa alinmang isang yunit ng tahanan para sa mga paggamit na tulad ng pag-inom, paghahanda ng pagkain, pagligo, paglalaba ng mga damit at paghugas ng pinggan, pag-flush ng mga palikuran, at pagdidilig ng mga landscape kabilang ang mga personal na hardin ng gulay o puno ng prutas. Ipinagliliban ang pantahanang serbisyo ang pagserbisyo sa anumang ahensya ng tubig, anumang pasilidad ng negosyo o na pang-industriya, anumang iba pang pasilidad, o serbisyong pang-agrikultura kung saan maaaring makuha ang serbisyo sa isang tahanan o mga tahanan.



2.2.8 Ang “Pantahanang serbisyo para sa maraming pamilya” ay mangangahulugan ng serbisyo sa tubig sa anumang ari-ariang may dalawa o higit pang legal na yunit ng tahanan, kabilang ang mga apartment at condominium complex, parke ng mobile home, pabahay para sa manggagawa sa bukid, yunit ng pang-accessory na tirahan, o iba pang uri ng pagpapaunlad sa komunidad na para sa mga layuning pantahanan.

2.2.9 Ang “Hindi pantahanang serbisyo” ay mangangahulugang serbisyo sa tubig na ibinigay sa isang customer na wala sa saklaw ng “pantahanang serbisyo” o “pantahanang serbisyo para sa maraming pamilya” tulad ng inilarawan dito.

B. Seksyon 3 Mababasa ang Mga Kaayusan para sa Regular na Serbisyo sa Tubig ng Casitas Rate and Regulation ayon sa sumusunod:

3.7. DEPOSITO AT PAGTATAG NG KREDITO. Ang lahat ng customer ay kinakailangang magbigay ng deposito para magarantiya ang pagbabayad ng mga obligasyon ng mga customer sa Casitas hanggang sa maitatag ang magandang kredito sa kasiyahan ng Casitas. Kung ang customer ay isang ahensya ng tubig, ituturing na naitatag na ang kredito at iwe-waive ang deposito. Kung nagbubukas ng account ang isang kasalukuyang aktibong customer, iwe-waive ang deposito kung nakapagtatag at nakapagpanatili ng magandang kredito ang customer sa kasiyahan ng Casitas. Itinuturing na naitatag at napapanatili sa kasiyahan ng Casitas ang kredito ng customer kung hindi nakatanggap ang serbisyo ng singil sa delinquency, abiso sa pagputol, o pagputol sa loob ng pinakahuling dalawang taon. Kapag nakapagtatag at nakapagpanatili ng kredito ang customer sa kasiyahan ng Casitas, ire-refund sa pamamagitan ng pagkredito sa account ang deposito ng customer nang walang interes. Kung inilapat ang deposito sa isang pagsasara ng bill at mas mababa sa \$1.00 ang balanse, gagawin lang ang pag-refund ng deposito kapag hiniling. Ang mga deposito ay dapat na alinsunod sa iskedyul sa Appendix B ng pinagtibay na Mga Rate at Regulasyon at ang mga ito ay ang sumusunod:

| <u>Sukat ng Metro</u>                    | Halaga   |
|--|----------|
| Hanggang 1: Mga Metro:                   | \$ 60.00 |
| Hanggang 2” Mga Metro: Pantahanan:       | 100.00   |
| Hanggang 2” Mga Metro: Pang-agrikultura: | 150.00   |
| 3” at Mas Malalaking Metro:              | 200.00   |

3.8 MGA OBLIGASYON SA KAILANGANG BAYARAN. Ang pagbabayad ng buo ng kahit na anong obligasyon sa pagkakautang ng ng customer kaugnay ng serbisyo sa tubig ng Casitas sa isang nakaraang lokasyon ang kinakailangan bago magsimula ng serbisyo sa customer sa bagong lokasyon.



3.9 MGA NANGUNGUPAHAN. Ang lahat ng singil para sa tubig ay pananagutan ng may-ari ng ari-arian, bagama't maaaring singilin ang mga account sa mga nangungupahan bilang kaginhawahan sa may-ari sa pagsagot ng mga kinakailangang form sa Distrito. Kung ang may-ari, tagapamahala, o nagpapatakbo ng pantahanang ari-arian ay ang nakatalang customer, at naging delinquent ang account, at napapailalim sa pagputol ang Pantahanang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad (sumangguni sa Seksyon 19.3 "Delinquency"), ang naninirahan (na tinatawag ding nangungupahan) ng pinagseserbisyohang ari-arian ay may karapatang mag-apela at maging customer, at sa kanya na sisingilin ang serbisyo. Hindi sisingilin sa naninirahan ang delinquent na halaga hanggang sa beripikahin ng naninirahan na ang delinquent na customer na nakatala ang kasulukuyan o dating landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring kabilang sa beripikasyon, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang isang kasunduan ng pag-lease o pangungupahan, mga resibo ng pagbabayad ng upa, dokumento ng pamahalaan na nagsasaad na inuupahan ng naninirahan ang ari-arian, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodigo Sibil. Ang anumang natitirang delinquent na halaga mula sa nakaraang account ng customer na nakatala na hawak ng may-ari, tagapamahala, o nagpapatakbo ng pantirahang ari-arian ay mapapasailalim sa mga tuntunin sa ilalim ng subsection 19.5 "Mga Remedyo sa Hindi Pagbabayad".

Kung isasara ng nangungupahan ang kanyang account, babalik ang account sa pangalan ng may-ari at magiging responsable ang may-ari ng ari-arian para sa lahat ng serbisyo, singil, at multa na inilapat pagkatapos isara ng nangungupahan ang kanyang account. Hindi puputulin ang serbisyo maliban kung gumawa ang may-ari ng ari-arian ng kahilingang alinsunod sa nakasaad sa seksyon 4 na pagwawakas, pagputol, at pagpapanumbalik ng serbisyo.

- C. Seksyon 19 Mababasa ang PAGESINGIL AT PAGBABAYAD ng Casitas Rates and Regulation ayon sa sumusunod:

19.2 TAKDANG PETSAS. Ang mga halagang dapat bayaran sa Casitas alinsunod sa mga bayarin para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran at babayaran sa oras ng pagdeposito ng mga nasabing bill sa mail ng Estados Unidos na naka-address sa customer sa mailing address na itinalaga ng customer o ng electronic bill bilang piniling paraan ng pagsingil ng customer. Magbibigay ng petsa ng pagsingil ang bill na kumakatawan sa araw na ipinadala sa mga customer ang mga bill sa mail o sa elektronikong paraan.

19.3 DELINQUENCY. Ang mga bill para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran, babayaran, at magiging delinquent mula sa takdang petsa. Napapailalim sa pagputol ang serbisyo sa tubig kung hindi binayaran ang mga bill sa loob ng



animnapung (60) araw mula sa petsa ng bill. Gagawa ang Casitas ng makatwiran at tapat na pagsisikap, na may kabutihan loob, na ipaalam sa customer sa pamamagitan ng telepono, mail, o email ang tungkol sa nalalapit na pagputol. Walang pananagutan ang Distrito para sa hindi napapanahong pag-update ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa telepono o email ng customer.

**ABISO SA PAGLAMPAS SA TAKDANG PETA SA SINGIL SA DELIQUENCY:** Kung mananatiling hindi nabayaran ang isang bill ng customer bago ang pagtatapos ng pangalawa hanggang sa huling araw ng negosyo ng buwan kasunod ng petsa ng bill, magpapadala ang Casitas sa customer ng abiso sa paglampas sa takdang petsa. Kung magkaiba ang billing address at address ng serbisyo ng customer, magpapadala rin ng abiso ng paglampas sa takdang petsa sa address ng serbisyo, na nakapangalan sa “(Mga) Naninirahan”. Dapat tasahin sa account ng customer ang bayarin sa delinquency sa bill na lagpas na sa takdang petsa gaya ng itinakda sa Appendix B: Iskedyul ng Iba Pang Bayarin at Singil.

**MGA PLANO NG PAGBABAYAD:** Bibigyan ng Casitas ang mga kwalipikadong customer ng pagkakataong makilahok sa mga pinagkasunduang plano ng pagbabayad. Para sa bawat account, isang alternatibong plano ng pagbabayad lang ang ibibigay sa bawat pagkakataon, at dapat igalang ng mga customer ang napagkasunduang kaayusan sa pagbabayad para mapanatili ang pagiging kwalipikado.

**PAGPUTOL NG SERBISYO:** Padadalhan ang customer sa mail ng abiso ng babala sa pagputol na ipapadala nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo. Kung magkaiba ang billing address at address ng serbisyo ng customer, magpapadala rin ng abiso ng babala sa pagputol sa address ng serbisyo, na nakapangalan sa “(Mga) Naninirahan”. Maglalaman ang abiso ng babala sa pagputol ng impormasyon kung paano ipanunumbalik ang serbisyo. Kinakailangang matanggap ang mga kabayaran nang hindi lalampas sa 4:30 pm sa petsang tinukoy sa abiso ng babala sa pagputol. Hindi tinatanggap ang mga postmark. Kung mananatiling hindi nabayaran ang bill, ipoproseso ang hang tag sa susunod na araw at isang singil ayon sa Appendix B: Iskedyul ng Iba Pang Bayarin at Singil (Singil sa Pagputol) ang tatasahin at puputulin ang serbisyo.

Walang anuman sa seksyong ito ang maglilimita sa kakayahan ng Casitas na putulin o pansamantalang ihinto ang serbisyo sa tubig para sa mga kadahilanang maliban sa hindi pagbabayad ng mga bill sa tubig, at ang pagpapadala ng mga karagdagang abiso na hindi nakasaad sa itaas ay hindi bumubuo sa pagwe-waive sa karapatan ng Casitas na putulin ang serbisyo gaya ng itinakda dito.



19.3.1 PANTAHANANG SERBISYO. Kung ang may-ari ng ari-arian ang nakatalang customer, gagawa ang Distrito ng tapat na pagsisikap na ipaalam sa mga nakatira sa tahanan sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na puputulin ang serbisyo at may karapatan ang nangungupahang maging customer alinsunod sa Seksyon 3.9: Mga Nangungupahan.

Kung natutugunan ng customer sa tahanan ang mga pamantayang nakasaad sa Seksyon 116910 (a)(1-3) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, aalisin ang mga singil sa pagiging delinquent nang hindi hihigit sa isang beses bawat 12 buwan. Pagkatapos pumasok ng isang customer ng Pantahanang serbisyo sa isang pinagkasunduang plano ng pagbabayad, maaaring putulin ng Casitas ang serbisyo kung hindi makakasunod o hindi makakapagbayad ang customer ng serbisyo sa Tahanan ayon sa pinagkasunduang pagbabayad nang higit sa animnapung (60) araw. Sa mga naturang sitwasyon, maaaring putulin ng Casitas ang serbisyo sa tubig sa Tahanan nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos maglagay ng hang tag ng abiso sa pagputol sa pintuan ng address ng Pantahanang serbisyo. Kung mananatiling hindi nababayaran ang bill kapag naproseso ang hang tag, magtatasa ng singil ayon sa Appendix B: Iskedyul ng Iba Pang Bayarin at Singil (Singil sa Pagputol).

Maaaring putulin ng Casitas ang Pantahanang serbisyo kapag naging delinquent ang account nang hindi bababa sa 60 araw at pagkatapos sumunod ng Casitas sa lahat ng kinakailangan sa pagputol ng serbisyo sa tubig sa Tahanan, ayon sa nakasaad sa Seksyon 116900 et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, ayon sa pag-amyenda.

19.4 PAGPAPANUMBALIK NG SERBISYO SA TUBIG KASUNOD NG PAGPUTOL DAHIL SA DELINQUENCY. Para maibalik ang serbisyo sa tubig kasunod ng pagputol dahil sa hindi pagbabayad, kinakailangang magbayad ang customer ng Singil sa Muling Pagkonekta ayon sa halaga sa Appendix B: Iskedyul ng Iba Pang Bayarin at Singil) bilang karagdagan sa mga delinquent na singil sa serbisyo sa tubig alinsunod sa Subsection 19.3: Delinquency at 19.5: Mga Remedyo sa Hindi Pagbabayad. Kung ipinakita ng pantahanang customer na mayroon siyang kita ng sambahayan na mas mababa sa dalawandaang (200) porsiyento ng pederal na poverty line, ang kabuuang singil sa serbisyo para sa pagpapanumbalik ng serbisyo ay hindi lalagpas sa limitasyong nakasaad sa Seksyon 116914(a)(1) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, ayon sa pag-amyenda.

Kung sakaling ang pagbabayad ay sa pamamagitan ng tseke na sa kalaunan ay ibinalik ng bangko para sa anumang kadahilanan, magpoproseso ng hang tag, at mag-iiskedyul ng pagputol sa loob ng 5 araw ng negosyo kasunod ng hang tag.



Muling idaragdag ang nabanggit na Singil sa Muling Pagkonekta sa account ng customer bilang karagdagan sa hindi nabayaranang singil sa ibinalik na tseke na itinakda sa Subsection 19.6: Mga Ibinalik na Tseke.

Hindi alintana kung hiniling ng kasalukuyang customer o bagong customer ang pagpapanumbalik ng serbisyo, may hindi bababa sa 72 oras na abiso ang Casitas, hindi kasama ang mga Sabado, Linggo, at holiday, bago maibalik ang naturang serbisyo.

19.5 MGA REMEDYO SA HINDI PAGBABAYAD. Maaaring magsimula ng aksyon ang General Manager sa anumang korte na may hurisdiksyon, na iatas na idagdag ang delinquent na halaga at maging bahagi ito ng taunang buwis na ipinapataw sa ari-arian ayon sa Seksyon 72094, et seq. ng Kodigo ng Tubig ng California (California Water Code), at/o magsagawa ng anumang iba pang hakbang para makapangolekta para sa mga serbisyong ibinibigay ng Casitas, hangga't sumusunod ang mga naturang aksyon sa Seksyon 116900 et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, ayon sa pag-amyenda.

19.6 MGA IBINALIK NA TSEKE. Kung nagbalik ang isang bangko ng tseke para sa anumang kadahilanan, dapat singilin ang customer ayon sa halaga sa Appendix B: Iskedyul ng Iba Pang Bayarin at Singil (Singil sa Ibinalik na Tseke) para sa bawat naturang tseke na ibinalik. Dagdag pa rito, maaaring ilagay ang sinumang customer na may ibinalik na tseke sa pang-probation na cash o credit card na batayan para sa isang panahon ng 12 siklo ng pagsingil o ayon sa tinutukoy ng General Manager. Hindi tatanggapin ang mga tseke mula sa mga customer na inilagay sa pang-probation na cash o credit card na batayan hanggang matapos ang panahon ng probation.

19.7. MGA PINAGTATALUNANG BILL Maaaring hilingin ng isang customer na suriin ng Casitas ang isang singil sa tubig sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamamaraan sa Subsection 21.5: Mga Pinagtatalunang Bill.

- D. Seksyon 21 Ang PROSESO NG MGA APELA ng Mga Rate at Regulasyon ng Casitas ay mababasa ayon sa sumusunodd:

PROSESO NG MGA APELA: Sa kabila ng anumang bagay sa Casitas Rates and Regulations na salungat, kung magsumite ng apela ang isang nasa hustong gulang ng isang tahanan tungkol sa isang bill para sa serbisyo sa tubig sa Tahanan sa Casitas o sa anumang iba pang administratibo o legal na kumakatawan kung saan maaaring legal na ginawa ang naturang apela, hindi puputulin ng Casitas ang pantahanang serbisyo habang nakabinbin pa ang apela.



21.1 MGA APELA SA PAGPUTOL NG PANTAHANANG SERBISYO: Ang mga customer na nakakatanggap ng Pantahanang serbisyo na gustong mag-apela ng mga singil o pagputol alinsunod sa Seksyon 116900 et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, ayon sa pag-amyenda, ay maaaring sumagot ng nakasulat na form ng apela sa loob ng 45 araw mula sa petsa ng pagsingil. Susuriin ng Opisyal sa Pagdinig ng Bill ang katangian ng apela at isusumite niya ang kanyang rekomendasyon sa General Manager, o sa itinakda, para sa panghuling desisyon na iuulat sa customer nang nakasulat.

21.2 MGA APELA SA KLASIPIKASYON: Maaaring humiling ng pagsusuri sa kahilingan ang mga customer na tinanggihan ng isang kahilingan para sa pagbabago ng Uri ng Serbisyo sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na apela sa itinalagang Water Conservation Manager na nagsasaad ng uri ng apela. Susuriin ang apela ng Water Conservation Manager at ng Engineer Manager at iuulat ang isinagawang panghuling rekomendasyon sa General Manager. Iuulat nang pasulat sa customer ang desisyon ng General Manager.

21.3 MGA APELA SA ALOKASYON: Ang mga customer na gustong mag-apela sa kanilang nakatalagang alokasyon ay maaaring gawin ito ayon sa proseso ng apelang inilarawan sa pinakabagong pinagtibay na bersyon ng Water Efficiency and Allocation Program.

21.4 APELA SA HINDI PANGKARANIWANG SINGIL SA PAGGAMIT NG TUBIG: Ang mga customer na gustong mag-apela ng mga hindi pangkaraniwang volumetric na singil o Multa sa Pagkonserba ng WEAP dahil sa mga pangyayaring wala sa makatwirang kontrol ng customer ay maaaring gawin ito alinsunod sa Bill Relief Program na ibinigay sa Subsection 20.2: Bill Relief Program.

21.5 MGA PINAGTATALUNANG BILL: Kung sakaling magkaroon ng salungatan o tumanggi ang isang customer sa kawastuhan ng anumang bill na ipinakita sa customer, susundin ang mga sumusunod na pamamaraan:

Sa loob ng 45 araw mula sa petsa ng pagsingil, magbibigay ang customer ng pahayag ng mga dahilan para sa paniniwalang mali ang bill. Babayaran ng customer, sa minimum, ang mga singil sa serbisyo at anumang iba pang singil na hindi nakadepende sa paggamit ng tubig, na dapat bayaran sa pinagtatalunang bill.

Babayaran ng customer ang anumang bagong singil na sisingilin sa mga susunod na panahon ng pagsingil.





Maaaring isumite ang mga apelang nagreresulta mula sa mga pagkakamali sa pagsingil o pag-malfunction ng metro sa Bill Hearing Officer at puwedeng lutasin ang mga ito sa pagberipika ng pagkakamali.

**21.5.1. PAGSASAAYOS NG BILL NG OPISYAL SA PAGDINIG NG BILL:** May awtorisasyon ang Bill Hearing Officer na gumawa ng naturang pagsasaayos sa pinagtatalunang bill na sa tingin nila ay angkop sa mga pangyayari hanggang sa \$500.00. Nangangailangan ng pag-apruba ng General Manager ang mga halagang higit sa \$500.00.

Kung hindi magkasundo ang customer at ang Bill Hearing Officer o ang General Manager sa halagang babayaran sa Casitas dahil sa pinagtatalunang bill, may karapatan ang customer na iapela ang usapin sa Lupon para sa panghuling pagpapasya ayon sa Subsection 21.6: Mga Apela sa Lupon ng Mga Direktor.

**21.6 MGA APELA SA LUPON NG MGA DIREKTOR:** Wala sa ordinansang ito ang maghihigpit o pipigil sa isang naagrabyadong partido mula sa pag-apela ng pagpapasya ng General Manager sa Lupon ng Mga Direktor ng Casitas. Para sa mga layunin ng subsection na ito, ang isang naagrabyadong partido ay ang sinumang customer o aplikanteng may isyung nauugnay sa isang panuntunan, paglabag, parusa, o iba pang kaluwagan na partikular na nakakaapekto sa interes ng partikular na naagrabyadong partido at hindi nalalapat sa mga pagpapasya ng General Manager sa mga pangkalahatang alalahanin sa distrito. Magiging naagrabyadong partido ang partidong hindi customer kung ang tulong na hinahangad ng partido, kung ipinagkaloob, ay nagreresulta sa pagiging customer ng partido.

Dapat ihain ang apela na humihiling ng panghuling pagpapasya ng General Manager sa Clerk sa Lupon ng Distrito sa loob ng tatlong (30) araw pagkatapos ng petsa ng naturang pagpapasya. Dapat pasulat na tukuyin ng apela ang mga batayan kung saan ito kinuha, ang petsa ng pagpapasya, at ang hiniling na tulong.

Sa loob ng tatlong (30) araw pagkatapos matanggap ang naturang apela, magtatakda ang General Manager ng pagdinig sa apela sa harap ng Lupon ng Mga Direktor at pasulat niyang aabisuhan ang naagrabyado tungkol sa oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig.

Sa pagdinig, maaaring magpakita ng katibayan tungkol sa apela ang naagrabyadong partido. Dapat isama sa katibayan ang mga kaugnay na dokumento at impormasyon na sapat para payagan ang buong pagpapasya ng apela. Kung sakaling mabigo ang naagrabyado na magsumite ng mga kaugnay na dokumento at impormasyon gaya ng hinihingi ng subsection na ito, gagawin ang pagpapasya



batay sa available na impormasyon, ngunit walang obligasyon ang Lupon na hanapin ang impormasyon kung saan umaasa ang naagrabyadong partido. Gagawing available sa naagrabyadong partido sa loob ng makatwirang panahon bago ang pagdinig ang anumang materyal na isinumite sa Lupon ng General Manager.

Gagawin ang pagpapatuloy ng pagdinig sa apela ayon sa pagpapasya ng Lupon.

Maaaring tanggihan, aprubahan, kondisyonal na aprubahan, o ipagpatuloy ng Lupon ang anumang apela. Aabisuhan nang pasulat ng General Manager ang naagrabyadong partido sa loob ng sampung (10) araw tungkol sa ginawang aksyon ng Lupon. Ituturing na naibigay ang ginawang abiso ng aksyon kapag ang nakasulat na abiso ay nai-email o nadeposito sa mail, postpaid, na nakapangalan sa address na ipinapakita sa apela.

Nilayong maging alternatibong anyo ng pagsusuri ang mga probisyon ng kabanatang ito. Walang anumang nakapaloob sa kabanatang ito ang mag-iiba ng, magbabago ng, o papalit sa mga probisyon ng anumang batas o regulasyon ng Estado ng California nang taliwas kaugnay ng pagsusuri ng pagpapasya sa hukuman.